

## **Pagkabalisa at Takot ng Aso sa Pagsakay sa Kotse**

Isinalin sa Filipino ni Joy Reodica - Philippine Animal Rescue Team (PART)/Phoenix  
Legacy of Compassion

Mayroon ka bang aso na hindi gustong sumakay ng kotse, o mukhang magkakasakit kapag binabanggit na ito ay isasakay sa kotse? Maraming mga aso ang walang positibong pananaw sa pagsakay sa kotse dahil ang karaniwang patutunguan nila ay ang kanilang tagapag-alaga o groomer, beterinaryo, o mga outing na hindi nila gusto.

### **Galaw ng katawan ng Aso**

Ang sunud-sunod na hakbang tagubilin upang tulungan ang isang aso na mag-relaks at masiyahan sa mga pagsakay sa kotse.

Matutulungan namin ang karamihan sa mga aso na mas maging mabuti ang pakiramdam tungkol sa mga pagsakay sa kotse sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila na iugnay ang kotse sa mga magagandang bagay. Bago simulan ang mga pagsasanay na ito, buksan ng bahagya ang isang bintana ng kotse upang makapasok ang sariwang hangin. Kung maiinit, maaari mo itong gawin sa gabi o sa umaga. Maaari mo ring subukang palamigin ang kotse bago isakay ang iyong aso dito, ngunit huwag itapat ang air conditioning sa aso. Tandaan na purihin ang iyong aso para sa lahat ng progreso na ginagawa niya.

### **Narito kung paano matulungan ang iyong aso na naisin na sumakay sa kotse:**

**Unang Hakbang:** Huwag pakainin ang iyong aso ng kanyang pang-araw-araw na pagkain bago gawin ang ehersisyo. Magsimula sa isang paglalakad papunta sa kotse. Kung ang iyong sasakyan ay nasa isang walang bakuran na daanan, ito ay pakawalan, bantayan lamang upang mapanatili ang kanyang kaligtasan. Buksan ang pintuan ng kotse at bigyan ang aso ng isang maliit na piraso ng pagkain o ang kanyang paboritong laruan, na nakuha mo mula sa loob ng kotse. Kung ang iyong aso ay hindi nais na pumasok sa kotse, maglakad pabalik sa bahay. (Kung ang aso ay sumakay sa kotse, sundan ang ikalawang hakbang) Ulitin ang hakbang na ito nang isa hanggang tatlong beses bawat araw sa loob ng anim na araw.

**Ikalawang Hakbang:** Kapag naitatag mo ang isang positibong kaugnayan sa pagiging malapit sa kotse, maunang umakyat sa kotse na may hawak na pagkain ng aso at ibigay sa kanya ang ilan sa kanyang pagkain, Kibble by kibble, o hawakan ang kanyang paboritong laruan.

Sabihin sa kanya kung gaano kasaya ang pagsakay sa kotse, ibigay sa kanya ang isa pang piraso ng pagkain o ang laruan, at bumalik sa bahay. Kung siya ay tila nag-aatubili parin sa hakbang na ito, ulitin ang proseso ng tatlong beses araw-araw - at simulan ang pagusad ng karagdagang sa loob ng kotse upang upang abutin niya ang kanyang laruan o kibble. Kung kinakailangan, ulitin ng tatlong beses bawat araw sa loob ng anim na araw. Kapag mas narerelaks na ang kanyang pakiramdam, magugulat ka na lang at kusa na itong aakyat. Maaari mo ring gawin ang paggamit ng isang mas nakakaakit na pagkain (tulad ng pinakuluang manok) habang higit ka pang pumapasok sa kotse.

**Ikatlong Hakbang:** Pagkatapos ng anim na araw, dapat ay makapaglakad na sa labas at umupo sa kotse kasama ang iyong aso. Kung ayaw pa rin niyang umakyat, tulungan at marahan siyang ipasok sa sasakyan. Magkabit ng seatbelt sa aso kung plano mong gumamit ng isa para sa inyong biyahe. Umupo sa tabi niya, alagaan at purihin siya, at gamitin ang laruan o pagkain bilang isang gantimpala. Pagkatapos, turuan mo siya ng isang salita, tulad ng "OK," at lumabas nang magkasama (una ka) at lumakad ng kaunti - isa pang gantimpala. Magsanay ng tatlong beses sa isang araw.

**Ika-apat na Hakbang:** Sa mga susunod pang araw, ulitin ang ikatlong hakbang ngunit sa pagkakataon na ito pakainin ng iyong aso ang kanyang buong pagkain sa kotse. Umupo sa kotse sa tabi nito at hayaan mo siyang kumain. Pagkatapos niyang matapos, bitawan siya ng isang "OK" at ito ay ilakad.

**Ika-limang Hakbang:** Muli sa labas ang hapunan! Sa oras na ito, ilagay ang aso sa kotse kasama ang kanyang pagkain at buksan ang makina. Huwag pumunta saanman; buksan langang makina. Kung handa siyang kumain nakabukas ang makina, hayaan itong nakabukas. Kung hindi, patayin ang makina at hayaan siyang matapos ang kanyang hapunan. Pagkatapos, pakawalan mo siya at maglakad nang magkasama.

**Ika-anim na Hakbang:** Kung ang aso ay tumigil sa pagkain habang nakabukas ang makina ng kotse, subukan ang isang mas mataas na halaga ng pagkain sa susunod na araw. Ulitin ang aktibidad ng nakaraang araw: Bigyan ang isang masarap na hapunan habang nakabukas ang makinang sasakyan at maglakad pagkatapos. Magsanay

araw-araw o gabi-gabi hanggang ang iyong aso ay marelaks, umakyat, ilabas masok ito ng kotse, at masiyahan kumain ng hapunan habang nakabukas ang makina ng sasakyan.

**Ika-pitong Hakbang:** Ito na - ang pagsakay sa kotse! Tulad ng bawat ibang araw, lumabas nang magkasama, sumakay sa kotse at simulan ang makina nito. Dalin ang hapunan ng aso, ngunit huwag muna itong ihain. Ikabit ang kanyang seatbelt at ibigay ang kanyang laruan para sa maikling paglalakbay. Habang paalis ka sa driveway, kausapin siya at purihin. Magmaneho nang hindi hihigit sa limang minuto at kapag nakakabalik ka, ihain ang kanyang hapunan sa inyong driveway habang naandar ang makina ng sasakyan. Pagkatapos ay pakawalan siya, maglakad nang magkasama, at sabihin sa kanya kung gaano siya kagaling.

### **Pagsasanay ng walang stress na mga biyahe sa kotse kasama ang iyong aso:**

Sa puntong ito, magsanay araw-araw, dagdagan ang oras ng pag mamaneho bawat araw. Kung ang iyong aso ay nagsisimulang mag-drool o maging balisa sa anumang oras, huminto at paglakarin siya upang siya ay mag-relaks, at pagkatapos ay umuwi. Gawing mas maikli ang pagmamaneho sa susunod na araw o kumuha ng ruta na may mas kaunting mga kurba at mga pag-ikot kung naghihinala ka na maaaring magkaroon ito ng pagkakaiba. Simulan ang paglabas sa kanya habang kayo ay nasa outing at tandaan na maglakbay nang mas madalas. Hindi mo kailangang mag hain ng hapunan, ngunit ang isang maliit treat o pakikipaglalaro ay mahusay na mga gantimpala para sa mga biyahe na walang stress. Salamat sa pakikipagtulungan sa iyong aso upang masiyahan siya sa mga pagsakay sa kotse sa buong buhay nito.